# Pamantayan ng tamang Asal para sa Aica Group

<<Pangkalahatang Patakaran>>

[Layunin]

Ang Pamantayan ng tamang Asal para sa Aica Group (mula rito ay tutukuyin bilang “Pamantayan ng tamang Asal”) ay nagsasaad ng pangunahing prinsipyo ng pag-uugali ng bawat miyembro ng board at empleyado ng Aica Group upang maisakatuparan ang pilosopiya ng kumpanya na “Sa pamamagitan ng pilosopiya ng simbiyosis, ang AICA Group ay lilikha ng bagong halaga at mag-aambag sa lipunan sa pamamagitan ng walang katapusang inobasyon” alinsunod sa prinsipyo ng kumpanya na “Hamon at Paglikha”. Ang Aica Group ay sisiguraduhin ang buong pusong pagsunod sa layunin ng Pamantayan ng tamang Asal.

[Saklaw ng aplikasyon]

Ang Pamantayan ng tamang Asal ay akma sa bawat miyembro ng board (kabilang ang mga kapantay na empleyado) at mga empleyado (kabilang rin ang mga empleyado na pinagtratrabaho sa nakatakdang haba ng panahon) ng Aica Group at ang kani-kanilang mga sangay ng kumpanya.
Ang Aica Group na nakapaloob sa “Pamantayan ng tamang Asal” ay tumutukoy sa Aica Kogyo Co., Ltd. at mgasangay nito sa loob at labas ng bansa.

[Pagtatag, pagbabago, at pag sa walang bias]

Ang pagtatatag, pagbabago at pag sa walang bisa ng Pamantayan ng tamang Asala ay dapat lutasin at pagtibayin sa Board of Directors Meeting ng Aica Kogyo Co., Ltd. pagkatapos ng deliberasyon at pagtalakay ng mga namumuno sa Aica Kogyo Co., Ltd. Bilang karagdagan, ang bawat isa sa respetadong kumpanya ng Aica Group ay magsasagawa ng mga nararapat na hakbang upang matiyak ang ganap na pagsunod sa “Pamantayan ng tamang Asal”.

<<Pangunahing Prinsipyo>>

[1] Pagsunod sa mga batas at regulasyon

Ang Aica Group ay susunod sa mga batas at regulasyon, code of practice, at social norms ng mga bansa at rehiyon kung saan ito gagawa ng operasyon.

[2] Pag-galang sa karapatang pantao

Ang Aica Group ay sinusuportahan at rinerespeto ang pangdaigdigang pamantayan sa

karapatang pantao tulad ng Universal Declaration of Human Rights at Guiding Principles for Business and Human Rights at kasalukuyang nag-tatatag ng mabuting pakikipag ugnayan sa mga business partners at mga workplace environments upang masigurado ang patas at ligtas na pagtatrabaho ng lahat.

(2.1) Bilang isang corporate group na nagsasagawa ng negosyo sa buong mundo, ang Aica Group ay susunod sa mga batas at regulasyon ng mga kaukulang bansa at rehiyon at igagalang ang ang karapatang pantao ng bawat isa. Ang Aica Group ay pinahahalagahan ang pagkatao ng lahat at kailanman ay hindi sasali o magpaparaya sa anumang diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, nasyonalidad, relihiyon, kapansanan, o pisikal na anyo.

(2.2) Ang AICA Group kailanman man ay hindi gagawa at hahayaan ang anu mang klase ng panghihiya, ito man ay maging pisikal o hindi pisikal.

(2.3) Ang Aica Group kailanman man ay hindi sasali sa anumang anyo ng sapilitang pagpapa-trabaho o pagpapa-trabaho sa menor de edad. Papanatilihin ng kumpanya ang naaangkop na legal na oras ng pagtatrabaho at babayaran ng tama ang empleyado alinsunod sa mga batas at regulasyon.

(2.4) Ang Aica Group ay iginagalang ang mga karapatan ng bawat empleyado batay sa mga naaangkop na batas at regulasyon ng bawat bansa at rehiyon. Kami ay mag-susumikap na magtatag ng mabuting pakikipagugnayan sa mga empleyado sa pamamagitan ng regular na pakikisama at pakikipag-usap.

[3] Pakikipag-isa sa lipunan

Bilang isang corporate citizen, ang Aica Group ay lubos na gagampanan ang mga responsibilidad at tungkulin nito at magsusumikap na mag-ambag sa lipunan at kapaligiran.

[4] Patas na pakikipag-negosyo

Ang Aica Group ay pananatilihin ang patas na kompetisyon sa merkado at mga legal na transaksyon kasabay ng pag-unawa sa posisyon ng mga kustomer at business partners.

(4.1) Upang mapanatili ang patas at malayang kompetisyon, ang Aica Group ay susunod sa mga batas ng anti-competition at iba pang mga patakaran sa transaksyon ng mga naaangkop na bansa.

(4.2) Ang Aica Group ay kailanman ay hindi makisali sa anumang anyo ng panunuhol o katiwalian, maging sa pera man o hindi pera, at magsusumikap na mag-ambag sa pag-unlad ng lipunan at ekonomiya sa pamamagitan ng patas na kompetisyon. Kami ay kailanman man hindi makikisali sa anumang anyo ng panunuhol, tulad ng labis na pagpapasaya at mabuting pakikitungo sa mga pampublikong opisyal o kasosyo sa negosyo, o ang pagpapalitan ng mga regalo na lampas sa saklaw ng angkop na kagandahang-loob. Itinuturing naming isang

katiwalian ang paggamit ng ipinagkatiwalang kapangyarihan para sa aming personal na interes. Kami kailanman man ay hindi sang-ayon sa ano mang anyo ng katiwalian kasama na rito ang paglulustay ng pera, pagkukubli ng perang nakuha sa illegal na paraan, at insider trading.

[5] Seguridad at tiwala ng kustomer

Batay sa prinsipyo ng “Hamon at Paglikha”, ang Aica Group ay nagsusumikap na magbigay ng mataas na kalidad, kapakinabangan sa lipunan at maaasahang mga produkto at serbisyo upang mabigyan namin ang aming mga kustomer ng seguridad, tiwala at kasiyahan.

[6] Wastong pagsisiwalat ng impormasyon

Ang Aica Group ay lubos na naiintindihan ang kahalagahan ng pananagutan sa mga corporate activities at nagsusumikap upang panatilihin ang transparency nito. Ang Aica Group ay magbubunyag ng impormasyon sa isang napapanahon, naaangkop at patas na paraan at magsisikap na magbigay ng tiwala at kapayapaan ng isip sa lahat ng stakeholder.

[7] Proteksyon ng impormasyon at ari-arian ng kumpanya

Ang Aica Group ay magsasagawa ng mga kinakailangang hakbang upang protektahan at pamahalaan ang impormasyon ng kumpanya (kasama ang mga personal na impormasyon) at mga asset. Gagamitin namin ang impormasyon nang naaangkop at pananatilihin ang pagiging kumpidensyal ng mga ito. Pangangasiwaan rin namin ang mga hindi pagkakaintindihan na dulot ng aming negosyo sa angkop na paraan. Kailanman ay hindi namin gagamitin ng hindi makatarungan athindi namin lalabagin ang mga karapatan at intelektwal na pag-aari ng mga ikatlong partido.

[8] Kapaligiran at kaligtasan

Ang Aica Group ay naiintindihan na ang pagpapahalaga sa kapaligiran at kasiguraduhan ng kaligtasan ay ang syang bumubuo ng pundasyon ng corporate existence at activities, ganun narin ang mga responsibilidad nito. Kami ay kikilos ng naaayon at agaran upang mabawasan ang mga epekto sa kapaligiran at mapabuti ang kaligtasan.